

HackensackUMC Mountainside Medical Center

FINANCIAL ASSISTANCE POLICY [POLISIYA UKOL SA PINANSIYAL NA TULONG]

Petsa ng pagkabisa: Enero 1, 2017

POLISIYA/MGA PATAKARAN

Ang polisiya ng HackensackUMC Mountainside Medical Center (ang “Organisasyon”) ay ang siguraduhing may ipinamamahaging emergency o medikal na kinakailangang pangangalaga na makatwiran sa lipunan sa mga pasilidad ng Organisasyon. Tanging dinisenyo ang polisiyang ito upang tugunan ang pagiging kwalipikado para sa pinansiyal na tulong ng mga pasyenteng nangangailangan ng pinansiyal na tulong at na binibigyan ng Organisasyon ng pangangalaga.

1. Makikita sa lahat ng pinansiyal na tulong ang aming pangako para sa kabutihan sa lahat, ang aming tanging pagmamalasakit para sa mga taong naghihirap sa buhay at nasa ibang sensitibong sitwasyon, at ang aming pangako sa stewardship.
2. Ang polisiyang ito ay umaaplay sa lahat ng emergency at iba pang mga medikal na kinakailangang serbisyo na ibinibigay ng Organisasyon, kabilang ang mga serbisyo ng mga empleyadong doktor at behavioral health. Ang polisiyang ito ay hindi umaaplay sa mga inayos na pagbabayad para sa mga elective procedure o ibang pangangalagang hindi emergency care o hindi medikal na kinakailangan.
3. Ang Listahan ng Providers na Sakop ng Polisiya Ukol sa Pinansiyal na Tulong ay may listahan ng sinumang mga provider na nagbibigay ng pangangalaga sa mga pasilidad ng Organisasyon; ipinapahayag nito kung alin ang sakop/hindi sakop ng polisiya ukol sa pinansiyal na tulong.

MGA KAHULUGAN

Para sa mga layunin ng Polisiyang ito, aaplay ang mga sumusunod na kahulugan:

- Ang “**501(r)**” ay tumutukoy sa Seksyon 501(r) ng Internal Revenue Code at sa mga regulasyon na nakapahayag sa ilalim nito.
- “**Amount Generally Billed**” o kaya “**AGB**”, hinggil sa emergency o iba pang medikal na kinakailangang pangangalaga, ay tumutukoy sa halaga na karaniwang sinisingil sa mga indibidwal na may insurance na sumasakop sa ganoong pangangalaga.
- Ang “**Komunidad**” ay tumutukoy sa lugar ng Estado ng New Jersey
- Ang “**Emergency Care**” ay tumutukoy sa labor o isang medikal na kondisyon na napakagrabe, kung kaya’t kapag hindi ito kaagad binigyan ng medikal na atensyon, makatwirang maaasahang lubos na mailalagay sa panganib ang kalusugan ng pasyente (o hindi pa ipinapanganak na sanggol), malaláng paghina ng paggana ng katawan, o malaláng dysfunction ng anumang organ o bahagi ng katawan.
- Ang “**Medikal na Kinakailangang Pangangalaga**” ay tumutukoy sa pangangalagang natiyak na medikal na kinakailangan pagkatapos ito masuri ng isang lisensyadong doktor habang kinokonsulta ang nag-admit na doktor.
- Ang “**Organisasyon**” ay tumutukoy sa HackensackUMC Mountainside Medical Center.
- Ang “**Pasyente**” ay tumutukoy sa mga taong binibigyan ng emergency care o medikal na kinakailangang pangangalaga sa Organisasyon; ito ang taong may pinansiyal na pananagutan para sa pangangalaga ng pasyente.



Ibibigay na Pinansiyal na Tulong

1. Ang mga pasyenteng sumusuweldo nang mas mababa o katumbas ng 200% ng Federal Poverty Level (“FPL”) ay magiging kwalipikado para sa 100% charity care write off sa bahagi ng mga singil para sa mga serbisyo na babayaran ng Pasyente pagkatapos magbayad ang insurer, kung mayroon man.
2. Ang mga pasyenteng sumusuweldo nang mahigit sa 200% ng Federal Poverty Level (“FPL”) ay magiging kwalipikado para sa charity assistance batay sa pamantayan sa ibaba:

Pamantayan para sa Suweldo

<u>Suweldo bilang Persentahe ng Mga Patnubay ng HHS Poverty Income</u>	<u>Persentahe ng Singil na Babayaran ng Pasyente</u>
mas mababa o katumbas ng 200%	0%
mahigit sa 200% pero mas mababa o katumbas ng 225%	20%
mahigit sa 225% pero mas mababa o katumbas ng 250%	40%
mahigit sa 250% pero mas mababa o katumbas ng 275%	60%
mahigit sa 275% pero mas mababa o katumbas ng 300%	80%
mahigit sa 300%	100%

3. Kung ang mga pasyenteng nasa 20% to 80% sliding fee scale ang mananagot para sa kwalipikadong sariling medikal na gastos na sobra sa 30% ng kanilang gross annual income (ibig sabihin, mga singil na hindi binayaran ng ibang mga partido), ang halagang sumosobra sa 30% ay isinasaalang-alang na hospital care payment assistance.
4. Ang pagiging kwalipikado para sa pinansiyal na tulong ay maaaring tiyakin kahit kailan sa panahon ng revenue cycle at maaaring kasama rito ang paggamit ng presumptive scoring upang tiyakin ang pagiging kwalipikado kahit na hindi napunan ng aplikante ang aplikasyon para sa pinansiyal na tulong (“Aplikasyon sa FAP”).
5. Ang pagiging kwalipikado para sa pinansiyal na tulong ay dapat tiyakin para sa anumang balanse na dapat bayaran ng Pasyenteng may pinansiyal na pangangailangan.

Charity Care Program:

- Ang New Jersey Hospital Care Payment Assistance Program (Charity Care Assistance) ay libreng pangangalaga o pangangalagang may mas mababagang singil; ito’y ibinibigay sa mga pasyenteng binibigyan ng inpatient at outpatient services sa acute care hospitals sa buong Estado ng New Jersey. Ang tulong sa pangangalaga ng ospital at pangangalagang may mas mababang singil ay available lamang para sa kinakailangang pangangalaga sa ospital. Ang ilang mga serbisyo tulad ng mga singil ng doktor, mga singil ng anesthesiology, radiology interpretation, at mga reseta para sa outpatient ay hiwalay sa mga singil ng ospital at maaaring hindi kwalipikado para sa mas mababang singil.
- Ang tulong sa pagbayad sa pangangalaga sa ospital ay pinondohan gamit ang Health Care Subsidy Fund na pinangasiwaan sa ilalim ng Public Law 1997, Chapter 263.



Ibang Tulong para sa mga Pasyenteng Hindi Kwalipikado para sa Pinansiyal na Tulong

Ang mga pasyenteng hindi kwalipikado para sa pinansiyal na tulong, tulad ng inilarawan sa itaas, ay maaaring kwalipikado pa rin para sa ibang mga uri ng tulong na inaalok ng Organisasyon. Upang makapagbigay ng kompletong listahan, ang ibang mga uri ng tulong ay nakalista rito, bagama't hindi sila batay sa pangangailangan at hindi nito layuning mapailalim sa 501(r); isinama sila rito para malaman ng komunidad na sinisilbihan ng HackensackUMC Mountainside Medical Center.

1. Ang mga Pasyenteng walang insurance na hindi kwalipikado para sa pinansiyal na tulong ay bibigyan ng discount rate batay sa pamantayan sa ibaba:
 - (a) Inpatient, Emergent, at Outpatient Procedures: 115% ng Medicare Rate
 - (i) Ang Obstetrics at Cosmetic procedures ay may nakatatag na iskedyl para sa sariling pagbayad ng singil; hindi sila mapapailalim sa rate batay sa Medicare reimbursement.

Mga Limitasyon sa mga Singil para sa Mga Pasyenteng Kwalipikado para sa Pinansiyal na Tulong

Ang mga pasyenteng kwalipikado para sa Pinansiyal na Tulong ay hindi sisingilin nang mas higit sa AGB para sa emergency at iba pang medikal na kinakailangang pangangalaga at hindi higit sa gross charges para sa lahat ng ibang medikal na pangangalaga. Kinakalkula ng Organisasyon ang isa o higit pang AGB na persentahe gamit ang “look-back” method, at kasama ang Medicare fee-for-service at lahat ng pribadong health insurers na nagbabayad ng mga claim sa Organisasyon, lahat alinsunod sa 501(r). Makakahingi ng libreng kopya ng paglalarawan ng kalkulasyon at (mga) persentahe ng AGB sa alinmang admissions area. Ang mga pasyente ay makakatawag din sa Patient Financial Services sa (973) 429-6000, Ext. 5910 kung gusto nilang mapadalhan sa mailing address ng Pasyente ng libreng kopya ng kalkulasyon at persentahe ng AGB.

Pag-apply para sa Pinansiyal na Tulong at Iba Pang Tulong

Ang isang Pasyente ay maaaring kwalipikado para sa pinansiyal na tulong gamit ang presumptive scoring eligibility o kapag siya’y nag-apply para sa pinansiyal na tulong kapag nagsumite siya ng kinompletong FAP Application. Ang FAP Application at mga tagubilin para sa FAP Application ay ihahanda sa panahon ng serbisyo kung gusto ng Pasyente. Kung nais ng Pasyenteng mag-apply para sa pinansiyal na tulong pagkatapos ng (mga) araw ng serbisyo, maaaring i-access ng Pasyente ang FAP Application at mga tagubilin para sa FAP Application at maaari niya ito i-print nang diretso mula sa website ng HackensackUMC Mountainside. Maaari ring hilingin ng mga pasyente na ipadala sa kanila sa mail ang kopya ng FAP Application at mga tagubilin para sa FAP Application. Upang humingi ng kopya ng mga dokumento sa mail, dapat tumawag ang mga Pasyente sa Patient Financial Services department sa (973) 429-6000, Ext. 5910. Sa bawat binanggit na accessible na mga lugar, ang FAP Application at mga tagubilin para sa FAP Application ay makukuha sa Ingles at Espanyol.

Patient Collections Timeline – Inpatient at Outpatient Services

Ang HackensackUMC Mountainside Medical Center ay nagbibigay ng billing statements para sa mga serbisyong isinagawa pagkatapos naproseso ng insurance ang claim, o kaagad para sa mga pasyenteng walang insurance. Ang mga sumusunod ay kabilang sa mga balanse na pananagutan ng pasyente:



- Self-Pay (Pasyenteng walang insurance)
- Self-Pay pagkatapos ng Insurance (Nagawa na ng insurance ang dapat nito gawin, at ang natitirang balanse ay pananagutan ng pasyente)
- Charity Care (Discounted charges based on charity percentiles)
- Self-Pay pagkatapos ng Medicare (Pananagutan ng pasyente, ayon sa paglalarawan ng Medicare)

Kailan Ipinapadala ang Statement

Para sa lahat ng mga pasyente, ang statement ay ipinapadala sa mail mga limang araw pagkatapos naging pananagutan ng pasyente ang balanse.

Ang lahat ng mga balanse ng self-pay – Ang kabuuang billing cycle ay 120 araw bago ipadala ang balanse sa collections. Magpapadala ng statement sa pasyente pagkatapos bayaran ng insurance ang kanilang dapat bayaran, kung naaangkop. Kung ang kabuuang dapat bayaran ng pasyente ay hindi pa nakokolekta pagdating ng petsa kung kailan ito dapat bayaran, ang pasyente ay patuloy na tatanggap ng mga kasunod na statements (hanggang 5, sa kabuuan). Kung hindi natanggap ang bayad, ang account ay ipapadala sa isang collections agency.

Ang mga pasyenteng may mga tanong hinggil sa kanilang balanse ay maaaring tumawag sa Customer service sa (866) 525-5558 upang malaman kung sila’y kwalipikado upang ayusin ang pagbabayad. Ang mga pasyenteng hindi makabayad ay maaaring tumawag sa opisina ng aming Financial Assistance sa (973) 429-6000, Extension 5910.